

Maging Matalino sa Kaligtasan

Kung gumagamit ng anumang aparato na pinapagana ng mga bateryang lithium-ion:

- Bumili at gumamit ng mga aparato na inilista ng isang kwalipikadong laboratoryo sa pagsubok gaya ng UL / ULC.
- Sundin ang mga tagubilin ng tagagawa para sa pag-charge at pag-iimbak ng mga aparato.
- Gumamit lamang ng mga baterya at mga kordon sa pag-charge na idinisenyo at inaprubahan ng tagapagmanupaktura para sa aparato.
- Huwag mag-charge ng aparato sa ilalim ng iyong unan o sa iyong kama o sofa.
- Iwasan ang sobrang pag-charge ng mga aparato; tanggalin sa saksakan sa sandaling ganap na na-charge ang aparato.
- Huwag ilagay ang mga baterya sa direktang sikat ng araw o mainit na sasakyan.
- Itabi ang mga bateryang lithium-ion mula sa anumang bagay na maaaring masunog.
- Iwasan ang pagdurog, pagbaluktot o pagbagsak ng aparato o charger.



ITIGIL ANG PAGGAMIT NG BATERYA kung napapansin mo ang alinman sa mga sumusunod: amoy, pagbabago ng kulay, pagbabago ng hugis, sobrang init, pagtagas o ingay na nagmumula sa baterya.

Sundin ang iyong plano ng pagtakas sa bahay at tumawag sa 9-1-1 kapag ligtas ka na sa labas.

Mga Bateryang Lithium-Ion

Ginagamit ang mga bateryang Lithium-ion para paganahin ang maraming uri ng mga aparato, kabilang ang mga smart phone, mga laptop, mga e-scooter, mga e-bike at mga laruan.

Ang mga bateryang Lithium-ion ay nag-iimbak ng malaking halaga ng enerhiya sa isang maliit na espasyo, maaari silang magdulot ng mga potensyal na panganib sa kaligtasan ng sunog kung hindi ginamit nang maayos.

Ang hindi wastong pag-charge at pisikal na pangangasiwa ay ilan sa mga pangunahing salik na maaaring magsanhi sa mga bateryang ito na sumabog at mabilis na masunog.

Matuto ng higit pa sa:
toronto.ca/lithiumbattery



Ang hindi tamang pagtatapon ng lithium-ion na baterya ay maaaring makapinsala sa isang nangongolekta ng basura.

Itapon ang iyong mga baterya ng e-bike sa isang Bagsakan na Depot ng Lungsod.



Maaaring wakasan ng binagong lithium-ion na baterya ang iyong buhay.

Huwag kailanman pakialaman ang baterya ng iyong e-bike.



Ang sobrang pag-charge ng lithium-ion na baterya ay maaaring makapinsala sa iyong pamilya. Palaging panatilihi ng nakikita ang baterya ng iyong e-bike habang nagcha-charge.



Ang isang hindi sertipikadong lithium-ion na baterya ay maaaring makapinsala sa iyong mga kapitbahay. Gumamit lamang ng mga bateryang inirerekomenda ng tagagawa ng iyong e-bike.



Ito ang iyong babala!

Paggamit ng mga lithium-ion na baterya nang ligtas



toronto.ca/firesafety



Ang Kaligtasan sa Sunog ay Nagsisimula sa Iyo



Pigilan

Pigilan ang sunog na mangyari sa iyong tahanan sa pamamagitan ng ligtas na paggamit ng mga bateryang lithium-ion.



Tuklasin

Tiyakin na mayroon kang isang gumaganang alarma sa usok sa lahat ng antas at sa labas ng lahat ng mga lugar na tinutulugan. Magkaroon ng gumaganang alarma ng carbon monoxide sa labas ng lahat ng lugar na tinutulugan kung kinakailangan. Subukan ang iyong mga alarma nang regular.



Tumakas

Ihanda at sanayin ang iyong plano sa pagtakas sa sunog sa bahay. Alamin kung ano ang gagawin at kung saan pupunta kung kinakailangan ang paglikas.

Matuto nang higit pa sa: toronto.ca/hhw

LEARN THE RULES FOR ALL RIDEABLES



toronto.ca/Rideables

Mga Bateryang Lithium-Ion sa mga Matataas na Gusali

Protektahan ang iyong tahanan.

Protektahan ang iyong mga kapitbahay.

Ang mga bateryang Lithium-ion ay naroon kahit saan—sa mga telepono, mga laptop, mga e-bike, mga scooter at higit pa. Kapaki-pakinabang ang mga ito ngunit maaaring masunog kung hindi ito gagamitin nang ligtas.

Kaligtasan ng mga Masasakyan:

- Huwag kailanman mag-charge ng mga e-bike o iba pang lithium-ion na aparato sa mga pasilyo, mga hagdanan o mga ibinabahaging lugar.
- Huwag kailanman mag-charge o mag-imbak ng mga bagay nang malapit sa pasukan ng yunit.
- Gumamit lamang ng mga bateryang inaprubahan ng tagapagmanupaktura.
- Sumangguni sa pamamahala ng gusali sa mga patakaran sa pag-charge para sa mga masasakyan tulad ng mga e-bike.

Kung Nasusunog ang Baterya sa iyong Yunit:

1. Lumikas kaagad.
2. Kung ligtas, isara ang mga pinto sa likod mo upang mapigil ang apoy.
3. Hilahin ang pulang alarma para sa sunog sa istasyong paghila sa tabi ng hagdanan sa iyong sahig at sumigaw ng “Sunog!”
4. Umalis sa gusali gamit ang pinakamalapit na labasang hagdan. Huwag gumamit ng elevator.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng sunog sa mataas na gusali:

- Tanungin ang iyong tagapamahala ng gusali.
- Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Sunog ng Toronto (Toronto Fire Services) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa 311.
- Bisitahin ang toronto.ca/HighRiseFire.

Ligtas na Pagtatapon ng Baterya

Ang mga bateryang Lithium-ion ay mapanganib na basura sa bahay at dapat **hindi kailanman** ilagay sa basura, Blue Bin (pagreresiklo) o Green Bin (mga organiko). Dalhin ang mga bateryang lithium-ion sa isa sa mga Bagsakan na Depot ng Lungsod o Araw ng Kapaligiran ng Komunidad para sa ligtas na pagtatapon.

Maaari ka ring mag-ayos ng libreng ToxicTaxi pagkuha mula sa Lungsod kung mayroon kang nasa pagitan ng 10 hanggang 50 litro/kilogramo ng mga mapanganib na basura sa bahay.

Ang hindi tamang pag-iimbak at pagtatapon ng mga baterya ay maaaring magdulot ng sunog. Ilagay ang mga baterya sa isang malinaw na plastik na supot o mga terminal ng selyo na may malinaw na packing tape, duct tape o elektrikal na tape. Itabi ang mga baterya sa isang malamig, tuyo na lugar at dalhin ang mga ito para sa ligtas na pagtatapon sa lalong madaling panahon. Ang mga nasirang baterya ay dapat na ihulog para sa ligtas na pagtatapon kaagad.